

Foreigners' Earthquake Information Center

Newsletter No.1 (VER.1)1995. 2 1.

PILIPINO VERSION

Issued by

Foreigners' Earthquake Information Center
3rd Floor Tokiwa central Building1-4-12,
Tokiwa-cho,Chuo-ku, Osaka
TEL:06-941-4793 FAX:06-941-5875

Ang Foreigners' Earthquake Information Center ay itinatag ng mga pribadong organisasyon na nasa sakop ng Kansai para mag- bigay ng impormasyon sa mga dayuhang napinsala ng lindol at ng mga iniwan nito at naglalayong tumulong upang mapabuti ang kalagayan ng mga dayuhang napinsala. Ang mga impormasyon hinggil sa lindol o/at mga pakikipag-ugnayan para sa pagsagip at pagtulong ay mangyaring tumawag lamang sa numerong:

06-941-4793 (FAX 941-5875)

Kayo po ay paglilingkuran nang walang pagsasa-alangalang ukol sa katayuan ng inyong visa at mahigpit na pangangalagaan ang inyong kapakanan..

MARAMING PANUKALA ANG LUMALABAS HINGGIL SA MGA BAGAY-BAGAY UKOL SA LINDOL. MANGYARING MAKIPAG-UGNAYAN PO LAMANG SA AMIN PARA SA MAAASAHANG IMPORMASYON.

(SERBISYO MEDIKA)

Mayroong mga itinatag na lugar para sa mga gamutan (medical treatment) na pinamumunuan ng mga taong marunong mag-salita ng Ingles, mangyari pong magtanong lamang kung kayo po ay nangangailan.

Ano mang katanungan tunkol sa inyong kalusugan, tumawag sa AMDA INFORMATION CENTER sa 06-636-2333.

(MGA PAHAYAG MULA SA KOBE IMMIGRATION OFFICE)

Ang Osaka Immigration Office na namamahala sa Kobe Immigration Office ang sumagot sa mga sumunod na katanungan:

Q : Nawala ko ang aking pasaporte.

A : Makipag-ugnayan sa inyong konsulado o embahada. Ang iyong kaso ay pagtutulungang malutas doon.

Q : Hindi ako makapunta sa Immigraton Office, ngunit matatapos na ang aking visa.

A : Mayroong ibinibigay na pasadyang pamamaraan (exemption),para dito, kung hindi ninyo na-renew ang visa dahil sa nawawala ang inyong pasaporte, o hindi kayo makarating sa Osaka Immigration Office dahil sa lindol, maaaari pa rin ninyong mapalitan ang nawawalang pasaoprte o kayay ma-renew ang inyong visa, kahit na nag-expire na ito.

Q : Kailangan kong mare-new ang aking visa, saan ako dapat pumunta?

A : Una, hindi dapat mag-madali, maaaring maghintay hanggang bumuti ang sitwasyon. Kung kayo ay nakatira sa lugar na pinamamahalaan ng Kobe Immigration Office, puwede kayong pumunta sa Osaka Immigration Office, o kaya sa mga sangay nito, halimbawa: Amagasaki, Himeji, o Higashi-harima, kung mangyaring nakaalis na kayo sa Kansai area (halimbawa Tokyo), maaari kayong mag-sadya sa pinakamalapit na Immigration Office sa inyong lugar. Makakakuha kayo ng re-entry forms (para sa work-permit visa's o kayay iba pang long term visa) sa 6th floor ng Osaka immigration office.

Q : Nag-apply ako ng visa sa Kobe Immigration Office, at hinihintay ko ang aking mga papeles. Ano ang dapat kong gawin?

A : Puwede kayong mag-hintay hanggang magbukas uli ang Kobe office. Kung nag-apply kayo para ma-renew ang visa, at nag-babalak kayong umuwi ng panandalian sa inyong bansa, kailangan ninyong pumunta sa immigration office. Ang immigration office ay makakapag-bigay kaagad ng visa o re-entry permit depende sa inyong sitwasyon. Kung kayo ay nag-aapply para palitan ang inyong visa status, ito ay tutugunan depende sa kaso. Para sa karagdagang kaalaman, makipag ugnayan sa Osaka Immigration Office.

Ang Kobe Immigration Office ay lumipat pansamantala sa ikalawang palapag ng dating bilding at nag-bibigay na ng "re-entry permits" mula noong ika 1 ng Pebrero.

Q : Tapos na ang aking visa, nais ko nang umuwi sa aking bayan.

A : Kahit na ang problema mo sa visa ay dahilan sa lindol, ang regular na pamamaraan ay gagampanan. Ang pamamaraang ito ay tinatawag na "enforced deportation" o sapilitang pag-papauwi, hindi kayo huhulihin, hindi kayo mumultahan, hindi kukumpiskahin ang inyong mga ari-arian. Mag-sadya lamang sa immigration office dala ang inyong pasaporte at iba pang mga dokumento at halagang kailangan (airport fee and plane ticket).

Bukas ang Osaka Immigration Office mula Lunes ~ Biyernes (9:AM TO 4:PM)

2-1-17 Tanimachi, Chuo-ku Osaka

06-941-0771 ~5

Katanungan sa teleopno ay mag-sisimula ng 4PM.

(TUNGKOL SA LIBRENG TAWAG PANG-INTERNATIONAL)

Nag-lagay ang KDD ng mahigit na 100 telepono sa mga pansamantalang tirahan at lokal na pamahalaan para sa libreng tawag pang-international. Tawagan ninyo kami para sa ilan pang impormasyon.

(TUNGKOL SA TULONG PINANSYAL)

1) Impormasyon para sa mga pamilyang nabiktima ng naganap na lindol tulad ng nasaktan o nabawian ng buhay.

Ang Tanggapan ng Kalusugan at Kabutihan ay nag-desisyon na magbigay ng pera bilang tulong sa mga pamilya ng mga naging biktima, Hapon man o dayuhan.

Kung mayroon kayong pansamantalang visa o wala, ang nasabing tanggapan ay wala pang desisyon kung magbibigay ng tulong-pinansiyal o hindi. Kung nais ninyo ng anumang tulong, tumawag lang kayo sa amin.

HALAGA NG TULONG PARA SA MGA BIKTIMA

Ang bumubuhay sa pamilya		Miyembro ng pamilya
Binawian ng buhay	5 million yen	2.5 million yen
Nasaktan o napinsala	2.5 million yen	1.25 million yen

Makukuha ninyo ang nasabing halaga sa inyong lokal na pamahalaan, o makipag-ugnayan sa inyong distrito para sa mga karagdagang kaalaman.

2)Papaano ang tungkol sa aming suweldo?

Maraming napinsalang kumpanya kaya ang Tanggapan ng Pag-gawa (labor) ay magbibigay ng halagang kabayaran sa mga napinsala o biktima, kasama dito ang maga dayuhan at pati na ang mga walang visa. Kung kayo ay nakakaintindi ng hapones, maaring pumunta sa Tanggapan ng Haro-waku (hello work)/(Public Employment Office) para maayos ang inyong kaso.

Kung hindi kayo nabayaran sa inyong trabaho bago naganap ang lindol, mayroong programa o pamamaraan ang Ministry of Labor kung saan ang pamahalaan ang mag-babayad nito. Kung kayo ay nasaktan sa pag-tungo sa inyong trabaho o habang nag-tratrabaho sa araw o sa oras ng lindol, kayo ay kabilang sa programang ito (Workmen's Compensation Insurance.). Kung kayo ay may mga katanungan, tumawag po lamang sa Foreigners' Earthquake Information Center.

Ang situwasyon ay malinaw na. Makipag-ugnayan sa amin tungkol sa mga pinakahuling balita. Para sa inyong mga katanungan huwag mag-alinlangang tumawag sa Foreigners Earthquake Information Center.

MARAMING MGA PANUKALA ANG LUMALABAS HINGGIL SA LINDOL.

MAKIPAG-UGNAYAN PO LAMANG SA AMIN PARA SA MAAASAHANG IMPOR+MASYON.

Ang lahat ng mga impormasyong nakasaad dito ay isinulat noong ika 1 ng Pebrero,1995..